

# Ang portal ng pagiging-abot kayang pagbabayad ay magbubukas sa Enero 18

Enero 17, 2023 [Mga katanungan sa media](#)

**Simula sa Enero 18 sa alas 9 ng umaga, ang mga karapat-dapat na magulang at mga nakatatanda sa Alberta ay maaaring mag-aplay upang makatanggap ng \$600 na mga pagiging-abot kayang pagbabayad sa loob ng anim na buwan.**

Malakas na nakabawi ang ekonomiya ng Alberta, ngunit maraming tao ang nahihirapan na magpainit ng kanilang mga tahanan at pakainin ang kanilang mga pamilya at nais ng pamahalaan na tumulong. Kasama ng makabuluhang malawak na mga suporta para matulungan ang lahat ng mga Albertan, ang pamahalaan ng Alberta ay naghahatid ng naka-target na kaluwagan para sa mga pamilya, mga nakatatanda at pinakamahina.

Ang ligtas na online application portal ay ilulunsad sa Enero 18 sa alas 9 ng umaga. Ang mga pamilyang may sambahayang kita na mas mababa sa \$180,000 ay karapat-dapat na makatanggap ng \$100 bawat buwan sa loob ng anim na buwan para sa bawat umaasang bata na wala pang 18 taong gulang. Ang mga nakatatanda na 65 taong gulang o mas matanda na may mga sambahayang kita na mas mababa sa \$180,000 at hindi tumatanggap ng Benepisyo sa mga Nakatatanda ng Alberta (Alberta Seniors Benefit) ay maaari ding mag-aplay para sa buwanang pagbabayad.

Ang sinumang hindi madaling makapunta sa online ay maaaring mag-aplay nang personal sa pamamagitan ng alinmang ahente ng pagpapatala o Mga Suporta ng Alberta (Alberta Supports) upang makatanggap ng suporta sa 50 mga lokasyon at higit sa 100 mga wika sa mga regular na oras ng negosyo.

Tatanggapin ang mga aplikasyon anumang oras sa pagitan ng Enero 18 at Hunyo 30, 2023. Kapag nakumpleto na ang proseso ng aplikasyon, ang karamihan sa mga Albertan ay makakatanggap ng mga pagbabayad sa katapusan ng buwang iyon. Ang eksaktong tiyempo ay mag-iiba-iba.

**Ang pag-aaplay sa online ay mabilis at ligtas**

Ang portal ng aplikasyon para sa mga direktang suporta ay idinisenyo na may personal na pagkapribado at seguridad sa isip. Upang mag-aplay, ang mga karapat-dapat na magulang at mga nakatatanda ay dapat may nakumpirma o nakabinbing Napatunayang Account (Verified Account), na nagpapahintulot sa mga Albertan na patunayan kung sino sila sa online nang walang mga papel na dokumento o mga harapang pagbisita.

Gagamitin ng mga Albertan ang impormasyon sa pag-log-in mula sa kanilang Napatunayang Account upang mag-sign in at kumpletuhin ang kanilang online na aplikasyon. Ang mga aplikante ay tatanungin ng isang serye ng mga katanungan upang patunayan ang kanilang pagiging karapat-dapat, pati na rin ang impormasyon sa pagbabangko upang ang mga pagbabayad ay direktang maideposito sa kanilang account sa bangko. Ang mga aplikanteng walang account sa bangko ay maaari ding piliin na tanggapin ang kanilang mga bayad sa pamamagitan ng mga tseke na ipinadala sa koreo.

Magagamit din ang mga personal, online at call-in na suporta para sa mga nahihirapang mag-aplay sa online o nangangailangan ng karagdagang tulong.

### **Ang mga Mahinang Albertan ay awtomatikong makatanggap ng mga pagbabayad**

Maraming mga Albertan na kwalipikado para sa tulong para sa inflation na direktang pagbabayad ay awtomatikong nakatala at hindi kailangang mag-aplay sa pamamagitan ng portal o sa personal. Lahat ng tumatanggap ng mga benepisyo sa pamamagitan ng Siguradong Kita para sa May Malubhang Kapansanan [Assured Income for the Severely Handicapped (AISH)], Suporta sa Kita [Income Support] o Benepisyo sa mga Nakatatanda ng Alberta [Alberta Seniors Benefit], o mga serbisyo sa pamamagitan ng mga Taong may mga Kapansanan sa Pag-unlad [Persons with Developmental Disabilities (PDD)] na programa ay nakarehistro na at awtomatikong matatanggap ang kanilang \$100 na mga pagbabayad simula sa Enero 31. Kung ikaw ay tumatanggap ng isa sa mga programang ito at mayroon ka ring mga umaasang bata na wala pang 18 taong gulang, kakailanganin mong mag-aplay upang makatanggap ng mga pagbabayad para sa iyong mga anak sa pamamagitan ng portal.

Ang mga foster at kamag-anak na tagapag-alaga ay awtomatikong nakarehistro at hindi na kailangang mag-aplay para sa mga bata sa kanilang pangangalaga.

Kasama ng \$600 na mga paggiging abot-kayang pagbabayad, ang Plano ng Aksyon sa Pagiging Abot-kaya (Affordability Action Plan) ay nagbibigay din ng \$500 sa kabuuang diskuwento sa kuryente at daan-daang mga dolyar sa tinanyang lunas sa buwis sa gasolina, pati na rin ang proteksyon sa presyo ng natural na gas at mga pagbabago sa buwis sa kita upang makatulong sa tumataas na halaga ng pamumuhay. Upang higit pang suportahan ang mga mahihinang Albertan, ang pamahalaan ng Alberta ay nagbigay ng pagtaas sa mga pangunahing programa ng suporta at karagdagang pagpopondo sa foodbank.

### **Mabilis na mga Katotohanan**

- Ang mga aplikasyon ay maaaring isumite hanggang Hunyo 30, na may mga bayad na retroaktibo na kasama ang mga nakaraang buwan kung kailan ang isang tao ay karapat-dapat.
- Ang mga aplikante na hindi makapagbigay ng lahat ng kinakailangang impormasyon kaagad ay magkakaroon ng pagkakataon na i-save ang kanilang aplikasyon hanggang sa makabalik sila sa aplikasyon upang idagdag ang mga natitirang detalye. Maaaring maantala ang kanilang mga pagbabayad hanggang sa maibigay nila ang nauugnay na impormasyon.

- Gagamitin ng pamahalaan ng Alberta ang 2021 data ng buwis mula sa Canada Revenue Agency (CRA) para patunayan ang pagiging kwalipikado batay sa kita.
- Para sa tulong sa kanilang mga aplikasyon, ang mga Albertan ay maaaring:
  - tawagan ang linya ng suporta sa Napatunayang Account sa 1-844-643-2789
  - tawagan ang Linya ng Impormasyon ng Plano ng Aksyon sa Pagiging Abot-kaya (Affordability Action Plan Information Line) sa 1-844-644-9955.
  - bisitahin ang alinmang ahente ng pagpapatala o sentro ng Suporta ng Alberta (Alberta Supports) nang personal upang makatanggap ng suporta sa 50 mga lokasyon at higit sa 100 wika nang walang bayad. Sa panahon ng aplikasyon, ang mga Suporta ng Alberta (Alberta Supports) ay nagbibigay ng mga pinahabang oras mula:
    - alas 4:30 ng hapon hanggang alas 8 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes, at
    - alas 9 ng umaga hanggang alas 3 ng hapon sa mga Sabado.
- Katulad ng lahat ng mga online na account, ang mga Albertan ay dapat na gumamit ng matibay na mga password at hindi dapat ibahagi ang kanilang password sa iba. Ang mga tip sa kung paano lumikha ng isang matibay na password ay magagamit sa site ng aplikasyon.
- Ang pamahalaan ng Alberta ay hindi magpapadala ng mga text o email na humihiling sa mga Albertan na magsumite ng personal o impormasyon sa pagbabangko upang makatanggap ng mga pagbabayad.
- Ang karagdagang impormasyon, kabilang ang isang paano-gawin (how-to) na video at mga sagot sa mga tanong, ay makukuha sa online.

#### **Mga katanungan sa media**

##### **[Andrea Farmer](#)**

780-405-0775

Kalihim ng Press sa Pagiging Abot-kaya at mga Palingkuran-bayan

##### **[Melissa Crane](#)**

780-777-3409

Kalihim ng Press, Teknolohiya at Pagbabago